# DRIVE-IN VACCINATION SITES, ISINUSULONG

Daily Tribune (Philippines) · 3 May 2021 · 2

Isinusulong ni Quezon City 2nd District Rep. Precious Hipolito-Castelo ang pagkakaroon ng mga drive-through vaccination sites sa bansa upang mapabilis ang pagbabakuna ng gobyerno laban sa COVID-19.

Sa inihain niyang House Resolution 1733, sinabi ni Castelo na maraming bansa na ang may drive-in vaccination sites, na makatutulong daw sa Pilipinas para mas maraming tao ang mabigyan ng access sa bakuna.

Bukod dito, inirekomenda rin ni Castro ang house-to-house vaccination. Sa kasalukuyan, 2 milyong Pilipino na ang nabakunahan kontra COVID-19, ayon sa Department of Health (DOH). SUNDY LOCUS